

# SNAP BEANS

Ang *snap beans* (*Phaseolus vulgaris*) o mas kilala rin bilang *baguio* beans ay mayaman sa *sustansyang beta-carotene, fiber, potassium, calcium* at *phosphorous.*



## LUGAR NA PAGTATANIMAN

Magandang itanim ang snap beans sa lupang medyo luwad at maraming organikong sustansiya. Mainam kung ang pH ng lupa ay 5.5 - 7.5. Angkop kung itatanim ito sa malalamig na lugar na may temperatura na $18^{\circ}C$ - $29^{\circ}C$. Kalimitang tinatanim ang snap beans sa buwan ng Oktubre at Nobyembre.

## PAGPILI NG BINHI

May dalawang uri ng snap beans:

1. *Bush Type - Variety Blue Lake 274 ("sitting" beans), Labrador, Matador*
2. *Pole Type – Baguio Beans, Kentucky Wonder, Romano Italian, etc.*

## PAGHAHANDA NG LUPA

Bungkalin ang lupang pagtataniman. Mag lagay ng isang kilong pinatuyong dumi ng manok o *chicken manure* at 300 gramo ng *carbonized rice hull* kada metro kwadrado. Gumawa ng kamang taniman na may lapad na isang metro at lalim na 15 cm upang hindi tigilan ng tubig.

## PAGPUPUNLA

Magtanim ng isa hanggang dalawang piraso ng buto kada tudling. Kinakailangan na 20 cm ang pagitan ng bawat tudling at 35 cm ang pagitan kada hanay. Pagkatapos magtanim diligan ang mga tudling.

## PAGLALAGAY NG TRELLIS

Makalipas ang tatlo hanggang apat na linggo pagkatanim ay nagsisimula na itong gumapang. Mainam na itayo na rin ang mga *trellis* o gagapangan ng mga *beans*. Maaaring gumamit ng mga tikin na kawayan na may haba na dalawa hanggang tatlong metro at nakahilig ito ng $60^0$ sa katabi nitong hanay. Siguraduhing matibay ang paggawa ng mga *trellis*.



## PANGANGALAGA

Makalipas ang 14 na araw, maglagay ng kompost sa mga tundos. Maglagay rin ng *Fermented Plant Juice* (FPJ) ng isa o dalawang beses sa isang linggo. Maaaring gumamit ng *manure tea* upang lumusog ang mga halaman at tumaas ang resistensya laban sa mga sakit at peste. Diligan ang taniman ng dalawang beses sa isang linggo o kung kinakailangan. Ugaliin din na tanggalin ang mga damo upang maiwasan ang kumpetensiya sa sustansiya.

## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Dapulak, *bean fly* at *bean pod borer* ang mga pangunahing peste ng *snap beans*. Ang mga *bean fly* ay umaatake kapag maliit pa ang mga tanim. Makokontrol ito sa pamamagitan ng *spray solution* (100 g na dinurog na sili sa 16 L na tubig na hinaluan ng 1 kutsarang powder detergent).



Bean fly



Bean pod borer



Dapulak

Maiiwasan naman ang mga sakit na gawa ng amag gaya ng *rust*, *anthracnose* at pagkabulok ng mga ugat sa pamamagitan ng paggamit ng mga *resistant variety* na mga binhi, *crop rotation* at *fungicide*.

## PAG-AANI

Maaaring anihin ang mga snap beans makalipas ang 45 - 60 na araw pagkatanim o 10 – 15 na araw pagkatapos nitong mamulaklak. Ang pamimitas naman nito ay ginagawa tuwing ikatlo o ikaapat na araw.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o mag text lamang sa FARMERS' CONTACT CENTER

**0920 946 2474**